Oras ng Panalangin

Libya

ARISE LIBYA

2015



Ang oras ng panalangin na ito ay idinesenyo para matulungan kayo sa inyong panalanging personal o pang grupo. Ang bawat seksyon ay nagbibigay ng direksyon kung paano manalangin sa limang minuto lamang. Kung pagsamahin ang labing dalawang seksyon, maging isang oras na ito ng panalangin. Paki-isaalang-alang ang bawat seksyon na pasaring. Maari ninyong lagpasan o baguhin ang mga seksyon. Tumugon sa gabay ng Banal na Espiritu sa inyong panalangin.

Pagsamba – Awit 67
Purihin ang Diyos sa pamamagitan ng pagpupuri. Purihin siya sa kanyang kalikasan at kagandahan. Purihin siya sa kanyang pagkilos sa iyong buhay. Itaas ang kanyang Pangalan ni Jesus sa loob ng bansa bilang… Purihin ang angk kanyang banal mabuting layunin para sa bansa ng Libya.

Pagpapahayag – Awit 51
Ito ay oras ng pagsusuri sa sarili. Hayaan ang Banal na Espiritu na ituro sa'yo ang kasalanang hindi mo pa inihingi ng kapatawaran. Kilalanin ang iyong pagiging makasalanan sa harapan ng Panginoon habang ito'y ipinapahiwatig sa'yo ang maraming bagay. Aminin ang iyong kasalanan at talikuran ang mga ito. Tanggapin ang kapatawaran ng Diyos at humandang mamagitan para sa bansa ng Libya.

Pakikinig – Juan 10:27
Ito ang oras ng pagtatanong sa Panginoon upang ipahayag Niya ang mga bagong bagay sa'yo. Tanungin ang Diyos na ipahayag Niya ang kanyang kalooban, stratehiya at mga plano sa'yo. Tanungin ang Panginoon tungkol sa mga tiyak na katanungan tungkol sa anumang bagay sa iyong puso. Isulat ang mga saloobin at mga impresyon na dumadating sa'yo. Pagkatapos subukan ang mga ito sa pamamagitan ng knayang Salita at sa komunidad.

Kapahayagan – Juan 8:28-32
Karamihan sa mga Libyano hindi alam ang katotohanan tungkol kay Jesus. Puno ang buhay nila ng sama ng loob, takot, pag-aalinlangan at mga kasinungalingan. Ipanalangin na ipahayag si Jesus sa pamamagitan ng panaginip, pangita-in, at sa kanilang pagbabasa ng Biblia, mga patotoo ng mga mananampalataya, at iba pang mga paraan kung saan ang Panginoon ay nalulugod na ihayag ang sarili. Ipagdasa na ang katotohanan ay lumaganap sa lupa at magdala ng kalayaan.

Mga mananampalataya - Efeso 6:10-13
Kakaunti ang mga mananampalataya mula sa ibang bansa at lalong kakaunti rin ang mga Libyanong mananampalataya. Sila ay nahaharap sa malaking pagsubok sa pisikal na labanan at higit na pagsubok sa espirituwal na labanan. Ipanalangin na sila ay magiging matatag, at mapigilan ang kasamaan sa bansang ito. Ipanalangin na ang lahat sa kanila ay nakapokus at hindi matitinag sa tulong ng biyaya ni Jesus.

Mga manggagawa – Lukas 10:2
Inutos ng Diyos na humiling ng mga manggagawa. Balang araw, mararanasan natin ang kasiyahan na makita ang mga Libyanong lubos ang kanilang pagpapasalamat sa mga pinadala Niyang manggagagwa. Tunay nga na tatanggapin natin sila sa walang hanggang mga tahanan at makibahagi sa isang malaking pagdiriwang. Ipanalangin na marami pangmananalangin sa mga maggagawang ipapadala ng Diyos. Ipanalangin na maraming manggagawa ang tumugon sa panawagan ng Diyos na humayo at ipamahagi ang Mabuting Balita sa bansa ng Libya.

Ang gobyerno – Isias 9:6-7
Sa kasalukuyan, walang sentral na pamahalaan ang bansa ng Libya. Mga magkasalungat na mga pamahalaan, mga lider ng tribo at mga armadong pwersa ang nagpapatakbo sa lungsod at sa rehiyon. Manalangin sa Diyos upang malutas ang krisis kasalukuyang pampulitika at magdala ng kapayapaan sa bansa. Manalangin na magkaroon ng isang matuwid na pamahalaan upang mapangalagaan ang mga pangangailangan ng mga tao.

Pagkakasundo – 2 Corinto 5:17-21
Nahulog sa labanang sibil ang bansa ng Libya noong taong 2011. Ito ay naglikha ng dibisyong pampulitika, panlipi, at dibisyon sa pamilya at nagka epekto sa bawat tao sa bansa. Manalangin sa Diyos na maibalik ang magandang relasyon sa bawat antas. Sa kanilang pagtutuklas ng kapangyarihan ni Jesus, manalangin na magkaroon ng pangkalahatan pagkakasundo ng mga tao at ng Diyos sa bansang ito.

Hangganan – Awit 147:12-14
Ang bansang Libya ay nagdusa mula sa kawalan ng kontrol ng hangganan. Ito ay nagpapahintulot sa mga ilegal na pagpapasok ng mga migrante , 'sex slaves' droga, armas, at mga radikal na mga Islamista. Hilingin sa Panginoon na magkaroon ng makadiyos na mga hangganan upang mabatid kung ano ang dapat na manatili sa bansa o alisin. Manalangin para sa pagkakaisa, upang mapahintulutan ang tamang pamamahala sa mga hangganan.

Mga grupo na hindi pa naabot/pagkakalat ng tao sa ibang lugar o bansa – Hebreo 13:1
Ang bansa ng Libya ay tahanan ng `maraming tao na na hindi pa naaabot. Dahil sa digmaang sibil, itinatayang mga 1-2 milyon ka tao ang lumikas at nagkalat.Manalangin na tatanggapin ng mga mananampalataya ang mga nasasaktan na mga Libyano, sa kanilang tahanan at buhay. Ipagdasal na ang pag-ibig at mabuting pakikitungo ang mararanasan ng mga taong hindi pa alam ang katotohanan tungkol kay Jesus.

Mga programa sa 'Media'- Habakuk 2:14
'Satellite' , radyo , mga website at 'social media' ay mga mahahalagang paraan para ibahagi si Jesus sa bansa ng Libya. Sa gitna ng krisis at paghihirap para manatili ang mga manggagawa sa bansang ito, ang programa sa 'media' ay isang makapangyarihang instrumento upang makita ang bawat tahanan sa Libya na nabuhayan ng loob dahil sa mensahe ng pagtubos. Manalangin na mabuksan ang mga mata at puso ng mga tao sa patuloy nilang pagkikinig ng mensahe ni Jesus.

Pagpapasalamat – Awit 95
Ang pagpapasalamat ay kumikilala ng iyong pagpapahalaga sa Panginoon sa mga ano ginawa niya para sa iyo at sa iba. Sa mga oras na ito, pasalamatan ang s Diyos kung sino siya, ang kanyang mga kaloob , ang kanyang mga sagot sa iyong mga panalangin , ang kanyang mga pagkalinga at probisyon, atbp. Pasalamatan din siya sa mga mabuting mga bagay na ginawa niya sa bansa ng Libya. Pasalamatan siya sa lupang tirahan, sa mga tao, sa mga pamana ng pananampalataya at anumang mga bagay na kanyang ginawa sa bansa.